Public Health Ontario | Santé publique Ontario

Sakit na Coronavirus 2019 (COVID-19)

Paano Mangalaga ng mga Alagang Hayop at ng Iba Pang mga Hayop

Kung may COVID-19 ka o nahantad ka o ang iyong mga alagang hayop sa COVID-19

Nagkaroon ng ilang limitadong ulat ng mga hayop na nahawa ng COVID-19. Sa kasalukuyan walang katibayan na ang mga alagang hayop at iba pang hayop na may malaking papel sa pagkalat ng COVID-19. Kung may sakit ka, inirerekumendang umiwas ka sa pagkakaroon ng contact sa mga alagang hayop at sa iba pang mga hayop, katulad ng gagawin mo sa ibang tao, hanggang sa higit pa ang malaman.

Panatilihin sa iyong bahay ang iyong alagang hayop

- Kung may sakit ka, pakiusapan ang iba sa inyong bahay na walang sakit na mangalaga ng iyong mga alagang hayop.
- Kung lahat ng nasa bahay ay may sakit o nag-iisa ka, mabuti pa rin na panatilihin ang iyong mga alagang hayop sa bahay kung posible na mapangalagaan sila.

Isaalang-alang ito kung ang mga alagang hayop ay ililipat sa ibang bahay



- Mga indibidwal na may mataas na panganib na magkaroon ng malalang sakit na COVID-19 (mga taong 70 taon pataas o may kasalukuyang mga kondisyon sa kalusugan) ay dapat umiwas na maging pansamantalang mga tagapangalaga ng mga nahantad na hayop, kung posible.
- Panatilihing nakubukod ang mga alagang hayop sa isang bahagi ng bahay para mabawasan ang contact sa iba pang mga hayop o tao, kung posible.

Iwasan ang malapitan o matagal na contact sa mga alagang hayop



- Iwasan ang mga sumusunod na contact sa mga alagang hayop hangga't posible:pagyakap sa kanila, paghalik sa kanila, pagpapadila sa iyo, pagbahagi ng pagkain sa kanila, o huwag silang hayaang matulog sa iyong higaan o umupo sa iyong kandungan.

Panatilihing malayo ang mga alagang hayop sa mga tao at iba pang mga hayop

- Panatilihing nasa loob ng bahay ang mga hayop hangga't posible.
- Kapag nasa labas ang mga aso, dapat na may tali sila at di-bababa sa dalawang metro ang layo mula sa iba pang mga tao at hayop.

Gumawa ng mga pag-iingat kapag nagbibigay ng pangangalaga sa mga alagang hayop

- Hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig o gumamit ng alcohol-based na hand sanitizer kaagad bago at pagkatapos hawakan ang mga alagang hayop, kanilang pagkain o mga supply.
- Huwag umubo o bumahin malapit sa mga alagang hayop. Laging umubo o bumahin sa iyong
  siko o sa tisyu at linisin ang iyong mga kamay pagkatapos:
- Laging iwasang hawakan ang iyong mukha.

Bantayan ang iyong mga alagang hayop kung may anumang mga palatandaan ng sakit kung sila ay nahantad sa COVID-19

- Kung ang iyong mga alagang hayop ay kinakikitaan ng mga palatandaan ng sakit, tawagan ang iyong beterinaryo para tiyakin
  kung kailangang ipatingin ang iyong hayop isa isang klinika o puwedeng pamahaalaan sa bahay.

Iwasan ang pagkahantad sa livestock at poultry

- Dapat ang mga prodyuser ng livestock ay:
  - Sumunod sa lahat ng kasalukuyang hakbang sa farm biosecurity
  - Limitahan ang contact sa mga hayop sa contact na kailangan lamang para maibigay ang pangangalaga sa kanila
- Kung posible, huwag mangalaga sa iyong mga hayop kung ikaw ay:
  - nadayagnos na may COVID-19 o may mga sintomas ng karamdaman sa palahingahan
  - nahantad sa COVID-19 o sa isa na may sakit na karamdaman sa palahingahan, o
  - bumyahe sa labas ng Canada nitong nakalipas na 14 na araw
- Kung kailangan ikaw mismo ang mangalaga ng iyong mga hayop:
  - sundin ang pangunahing mga hakbang sa pag-iwas at pagkontrol sa impeksyon na nakabalangkas sa itaas, at
  - linisin/idisinpekta ang anumang kagamitang hinawakan mo na nagkaroon ng contact sa mga hayop

Alamin pa ang tungkol sa virus

Isang bagong virus ang COVID-19. Kumakalat ito sa pamamagitan ng mga patak mula sa palahingahan ng isang nahawang tao patungo sa iba na nagkaroon ng malapit na contact sa kanila tulad sa mga taong nakatira sa iisang bahay o nagbibigay ng pangangalaga. Makaka-access ka rin ng napapanahong impormasyon sa website ng COVID-19 sa Ontario Ministry of Health: ontario.ca/coronavirus.

Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa: _____

Ang impormasyon sa dokumentong ito ay bago noong Hulyo 31, 2020

©Queen's Printer for Ontario, 2020

Ontario